headspace
National Youth Mental Health Foundation

Tagalog

# ang headspace ay nandito para makatulong

Ang **headspace** ay isang walang bayad o may mababang halaga na serbisyo ng kalusugan sa pag-iisip para sa mga kabataang may 12-25 na taong gulang

Ang **headspace** ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga kabataan at kanilang kapamilya at kaibigan sa apat na mga mahalagang usapin:

- kalusugan sa pag-iisip
- kalusugan sa katawan at sekswal
- trabaho, eskwela at pag-aaral
- alak at ibang mga bawal na gamot

1/4

Isa sa bawat 4 na kabataan ay may problema sa kalusugan ng pag-iisip. Maaaring mahirap malaman kung ang isang kabataan ay nangangailangan ng tulong sa kanilang kalusugan ng pag-iisip, ngunit may mga palatandaan na maaaring nagpapakita na sila ay may mga problema, katulad ng:

- pag-iwas sa mga gawain na dati nilang gusto
- pagbabago sa kanilang gana sa pagkain at oras ng pagtulog
- pagiging madaling maiirita o magagalit
- parang masyadong natataranta, nag-aalala o nalulungkot na walang kadahilanan
- nahihirapang magpokus ng isip o motibasyon
- nagkakaroon ng hindi mabuti, nakakabahala o hindi pangkaraniwang iniisip
- nalaman na ang kanilang kakayahan sa eskwela, TAFE, pamantasan o trabaho ay hindi kasing-husay sa nakaraan o sa inaasahan
- pakikisali sa mga delikadong gawain na dating iniiwasan, katulad ng paggamit sa mga druga o sobrang pag-inum ng alak.

Ang tamang suporta ay maaaring makatulong sa isang kabataan na makabalik sa magandang landas sa eskwela, trabaho at sa kanilang mga ugnayang personal at pampamilya.

## Para sa impormasyon at suporta:

Bisitahin ang **headspace.org.au**.

## Para sa pagpapayo online o telepono:

Bisitahin ang **eheadspace.org.au**
o tumawag sa **1800 650 890**

## Upang makausap ang isang trabahador ng headspace tungkol sa isang kabataan:

Tumawag sa inyong lokal na **headspace** centre. May mga **headspace** centres na nagkalat sa buong Australya. Bisitahin ang **headspace.org.au** upang malaman ang lokasyon ng pinakamalapit na centre.

---

Kung kinakailangan ninyong makipag-usap sa inyong wika, tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** and sabihin ang wikang kinakailangan ninyo.

Nirerespeto ng **headspace** ang karapatang pangpridado ng isang kabataan, ngunit kapag sa pagkakatantiya namin ay nanganganib ang kaligtasan ng isang kabataan o ibang tao, ipapabahagi namin ang impormasyon sa mga nararapat na taong magsusuporta. Para sa dagdag na impormasyon, mangyari pong makipag-usap sa isang trabahador ng **headspace**.

## Ang headspace ay hindi isang pang-emerhensyang serbisyo

Kung kayo o isang kabataan na nangangailangan kaagad ng suporta o tulong pang-medikal, tawagan ang:

- Emergency Service: 000
- Lifeline: 13 11 14
- Kids Helpline: 1800 55 1800

Ang **headspace** National Youth Mental Health Foundation ay pinondohan ng Department of Health ng Pamahalaang Australyano